



KOMPARATIBONG PAGSUSURI SA PAGSASALIN SA FILIPINO NG TULANG “IF” NI RUDYARD KIPLING NG CHATGPT AT JOSE CORAZON DE JESUS

Merry Fel B. Beltran ¹, Charissa L. Canubas ², Karen R. Piccio ²

¹Teacher Education Department, Don Carlos Polytechnic College, Don Carlos, Bukidnon, Philippines

²Language Education Department, Central Mindanao University, Musuan, Maramag,
Bukidnon, Philippines

<https://doi.org/10.5281/zenodo.20215585>

ABSTRACT

Sinuri ng pag-aaral na ito ang kalidad ng pagsasalin ng tulang “If” ni Rudyard Kipling mula Ingles tungong Filipino gamit ang artificial intelligence na ChatGPT at inihambing ito sa umiiral na salin ni Jose Corazon de Jesus. Ginamit sa pananaliksik ang mixed methods approach, partikular ang Explanatory Sequential Design. Isinukat ang kalidad ng mga salin gamit ang 5-point Likert scale mula sa limang propesyonal na guro sa Filipino na may master’s degree, at sinuri ang mga kalakasan at limitasyon ng ChatGPT sa pamamagitan ng tematikong analisis batay sa kanilang mga komentaryo. Ipinakita ng resulta na may mataas na kalidad ang salin ng ChatGPT na may mean na 4.17, na nagpapahiwatig ng epektibong pagpapangatili ng kahulugan, tema, at emosyon ng orihinal na tula. Kabilang sa mga kalakasan nito ang maayos na gramatika at sintaktika, malinaw na daloy ng teksto, at mataas na semantic fidelity. Natukoy naman ang ilang limitasyon tulad ng literal na pagsasalin ng mga idiomatikong ekspresyon, kakulangan sa pag-angkop sa kultural na nuance, at bahagyang mekanikal na estilo ng pagpapahayag. Sa paghahambing sa salin ni Jose Corazon De Jesus at ChatGPT, kapwa mataas ang kalidad ng dalawang salin na may mean iskor na 4.10, ngunit nagkakaiba sa estilistikong aspekto at malikhaing paggamit ng wika. Ipinapakita ng pag-aaral na bagamat may potensyal ang AI sa pagsasalin, nananatiling mahalaga ang papel ng human translator upang mapanatili ang naturalidad, kultural na lalim, at estetika ng panitikan.

Mga Susing Salita: *Artificial Intelligence, Semantic Fidelity, Gramatika at Sintaktika, Estetika ng Salin, Human Translator*

INTRODUCTION

Sa kasalukuyang panahon, isa sa malaking suliranin ang kalidad ng mga pagsasalin na nagagawa ng artificial intelligence (AI), lalo na sa mga akdang pampanitikan kung saan mahalaga ang wastong paglilipat ng diwa at estetika. Sinuportahan sa pag-aaral nina Moratto at Bacolod (2024) ang pananaw na ang pagiging epektibo ng pagsasalin ay nakadepende sa antas ng pagkakaunawa sa kultura't konteksto ng target na wika. Inilahad din sa pag-aaral ni Del Mundo (2023) ang mga isyu sa pagsasalin mula Ingles tungong Filipino na may kinalaman sa pagkawala ng mga kultural at lingguwistikong elemento na madalas na hindi ganap na naipapahayag ng mga makabagong tagasalin. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Alisherovich (2025) na isa sa mga pangunahing suliranin ng AI translation ay ang kakulangan ng transparency o kalinawan sa proseso ng pagdedesisyon ng mga sistemang AI. Dahil dito, nagiging mahirap matukoy kung developer, gumagamit, o mismong sistema ng AI ang mananagot sa mga maling salin. Ang ganitong kalabuan sa pananagutan ay maaaring magpababa ng tiwala ng mga tao sa AI translation tools, lalo na sa mga larangang nangangailangan ng mataas na antas ng kawastuhan, wastong interpretasyon, at sensibilidad sa kultura.

Ang pagpili na pag-aralan ay ang pagsasalin mula Ingles tungong Filipino ay hindi lamang bunga ng praktikal na pangangailangan, kundi nakaugat din sa isang mas malalim na suliranin, ang pagsusulong ng Filipino bilang pambansang wika na nagsisilbing tanglaw ng pagkakakilanlan at kultura sa Pilipinas. Ayon kay Garcia (2020), madalas na naaapektuhan ang integridad ng orihinal na mga akda kapag hindi Filipino ang itinatakhang target na wika, dahil sa kawalan ng katumbas na pampanitikang diwa o "strukturang damdamin" na likas sa mga Filipino. Samantala, binigyang-diin naman ni Morales (2021) na mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagsasanib ng teknolohiya at lokal na kultura upang mapanatili ang kalidad ng mga salin, lalong-lalo na sa panahon ng mabilis na paglaganap ng paggamit ng AI sa iba't ibang larangan.

Sa ganitong konteksto, isang angkop na akdang pampanitikan na suriin ay ang tulang "If" ni Rudyard Kipling, isang Ingles na makata na kinikilala sa kanyang mga tula na naglalaman ng mga aral sa buhay tulad ng katatagan, tapang, at pagpapakatao (Kipling, 2021). Ang salin nito sa Filipino, na isinagawa ni Jose Corazon de Jesus isang pambansang alagad ng sining at kilalang makata na may malalim na pag-unawa sa wika at panitikan ay nagsisilbing mahalagang batayan ng pagsasalin sa kontekstong Pilipino (De Jesus, 2020). Dahil dito, nagiging mahalagang tuklasin kung paano naipapakita ng ChatGPT bilang makabagong AI ang kalidad ng pagsasalin ng tula at kung paano ito nakikisabay o naiiba sa tradisyunal na salin ni De Jesus.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong punan ang puwang sa kasalukuyang pananaliksik sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa kalidad, kalakasan, at limitasyon ng pagsalin ng ChatGPT sa tulang If mula Ingles tungong Filipino, at paghahambing nito sa umiiral na salin na isinagawa ni Jose Corazon de Jesus. Inaasahan na sa pamamagitan ng komparatibong pag-aaral na ito, matutukoy ang mga kalakasan at limitasyon ng ChatGPT bilang isang makabagong AI tool sa larangan ng pagsasalin ng panitikan, na magsisilbing batayan hindi lamang para sa pagpapabuti ng mga susunod nitong bersyon kundi pati na rin sa mas episyenteng paggamit nito bilang

kasangkapan sa malikhaing pagsasalin at sa pagpapaigting ng pagpapahalaga sa ating pambansang wika.

Research Objectives

Kaakibat ng mga layuning ito, nilayon ng pag-aaral na:

1. Masuri ang kalidad ng pagsasalin ng ChatGPT sa tulang Ingles na "If" ni Rudyard Kipling.
2. Makompara ang salin ng ChatGPT sa umiiral na salin ng "If" ni Jose Corazon de Jesus.
3. Matuklasan ang kalakasan at mga limitasyon ng ChatGPT bilang isang AI tool sa pagsasalin ng panitikang Ingles tungong Filipino.

METHODOLOGY

Ginamitan ng Explanatory Sequential Design at Thematic Analysis ang pag-aaral na ito. Ang Explanatory Sequential Design ay isang uri ng mixed methods approach na binubuo ng dalawang magkakasunod na yugto: una, ang pagkolekta at pagsusuri ng kwantitatibong datos, at pangalawa, ang pagkuha at pagsusuri ng kwalitatibong datos upang mapalalim ang kahulugan at paliwanag sa mga nabuong resulta (Creswell & Creswell, 2018). Samantala, ang Thematic Analysis ay isang paraang analitikal na ginagamit upang matukoy, masuri, at mailarawan ang mga padron o tema sa loob ng kwalitatibong datos (Braun & Clarke, 2006). Nilayon ng pananaliksik na masuri nang masusi ang kalidad, kalakasan, at limitasyon ng pagsasalin ng ChatGPT sa tulang If ni Rudyard Kipling mula Ingles tungong Filipino.

Sumasaklaw sa iba't ibang paaralan sa Bukidnon ang lokasyon ng pag-aaral, kung saan nagmula ang mga napiling respondent. Ang sampling method na ginamit ay purposive sampling, na pinili ang mga kalahok batay sa inclusion criteria. Ang mga respondent ay limang propesyonal na guro sa Filipino na may master's degree at may malawak na karanasan sa pagtuturo ng panitikan at pagsasalin, dahil sa kanilang sapat na kakayahan upang magbigay ng komprehensibo at mapanuring pagsusuri sa mga salin. Hindi isinama sa pag-aaral ang mga indibidwal na hindi nagtuturo ng Filipino o wala pang sapat na karanasan sa larangan ng panitikan at pagsasalin upang mapanatili ang kredibilidad at pagiging mapagkakatiwalaan ng pagsusuri.

Gumamit ang pananaliksik ng isang researcher-developed translation evaluation sheet bilang instrumento, na binubuo ng dalawang bahagi. Ang una ay isang Likert-type scale na ginagamit para sa pagtataya ng kalidad ng bawat taludtod ng salin, gamit ang 5-point scale na inadapt mula kay Anastacio et al. (2016), kung saan ang 1.00 hanggang 1.79 ay "malayo sa orihinal," 1.80 hanggang 2.59 ay "medyo malayo sa orihinal," 2.60 hanggang 3.39 ay "katamtamang lapit sa orihinal," 3.40 hanggang 4.19 ay "malapit sa orihinal," at 4.20 hanggang 5.00 ay "napakalapit sa orihinal." Ang pangalawang bahagi ay isang bukas na seksyon para sa mga komentaryo at obserbasyon ng mga guro ukol sa kalakasan at limitasyon ng bawat salin.

Sa Data Gathering Procedure, kinolekta ng mananaliksik ang orihinal na tulang Ingles na If ni Rudyard Kipling at ang umiiral na salin nito ni Jose Corazon de Jesus. Isinalin ng mananaliksik ang tulang If mula Ingles tungong Filipino gamit ang ChatGPT. Ipinasuri ng limang guro ang parehong salin gamit ang Likert scale para sa bawat taludtod, at kinolekta ang kanilang mga marka at komentaryo. Inanalisa ng mananaliksik ang kwantitatibong marka at kwalitatibong paliwanag upang matukoy ang kalidad, kalakasan, at limitasyon ng bawat salin, at pinagsama ang mga resulta upang makabuo ng komprehensibong konklusyon tungkol sa kakayahan ng ChatGPT bilang AI tool sa pagsasalin ng panitikang Ingles tungong Filipino.

Sa paraan ng analisis, ang kwantitatibong datos ay inanalisa gamit ang descriptive statistics, partikular ang mean scores, upang masukat ang kalidad ng pagsasalin sa bawat taludtod at saknong. Samantala, ang kwalitatibong datos ay inanalisa gamit ang Thematic Analysis upang tukuyin ang mga tema na sumasalamin sa kalakasan at limitasyon ng ChatGPT sa pagsasalin ng panitikan.

Nakatuon sa pagsasalin ng tulang If mula Ingles tungong Filipino at sa pagsusuri ng limang guro sa Filipino bilang tagasuri ang pananaliksik na ito. Ang limitasyon ng pag-aaral ay ang hindi pagsasama ng mga indibidwal na hindi eksperto sa Filipino, hindi pagsasama ng iba pang AI translation tools o ibang salin ng tula maliban kay Jose Corazon de Jesus, at limitado rin sa pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan, na hindi sumasaklaw sa iba pang anyo ng panitikan o teknikal na pagsasalin.

RESULTS

Talahanayan 1. Kalidad ng Pagsasalin ng ChatGPT sa Tulang Ingles na "If" ni Rudyard Kipling

SAK NONG	TALUD TOD	"If" by Rudyard Kipling	"If" Ni Rudyard Kipling (Salin ng ChatGPT)	ISKOR BAWAT TALUDTOD	MEAN ISKOR NG SAKNO NG	INTERPRE TASYON
	1	If you can keep your head when all about you	Kung kaya mong manatiling habang ang lahat sa paligid mo	3.80		
	2	Are losing theirs and blaming it on you,	Ay nawawala sa sarili at ikaw ang sinisisi,	3.30		
	3	If you can trust yourself when all men doubt you,	Kung kaya mong magtiwala sa iyong sarili kahit ikaw ay kinikilala ng lahat na may pagdududa,	3.00		
1	4	But make allowance for their doubting too;	Ngunit nauunawaan mo rin kung bakit sila nagdududa;	4.20	3.98	Malapit sa orihinal
	5	If you can wait and be tired by waiting,	Kung kaya mong maghintay nang	4.70		

		matiyaga at hindi mapagod sa paghihintay,			
	6	Or being lied about, don't deal in lies,	O kapag nilinlang ka, ay hindi ka rin manlilinlang,	4.60	
	7	Or being hated, don't give way to hating,	O kapag kinamuhian ka, ay hindi ka magpapadala sa poot,	4.80	
	8	And yet don't look too good, nor talk too wise:	At hindi mo ipapakitang ikaw ay napakabuti, o magsasalita nang mayabang:	3.40	
	9	If you can dream and not make dreams your master;	Kung kaya mong mangarap nang hindi ipinagpapalagay na ang pangarap ay ang lahat;	3.40	
	10	If you can think—and not make thoughts your aim;	Kung kaya mong mag-isip nang hindi gawing layunin ang pagiisip lamang;	3.50	
	11	If you can meet with Triumph and Disaster	Kung kaya mong salubungin ang tagumpay at kapahamakan	4.70	
	12	And treat those two impostors just the same;	At ituring silang pareho na mga mapagkunwaring panauhin;	3.90	
2	13	If you can bear to hear the truth you've spoken	Kung kaya n a mong tiisin a n katotohanang g iyong sinabi	5.00	4.09 Malapit sa orihinal
	14	Twisted by knaves to make a trap for fools,	Ay baluktutin ng mga taksil upang maging bitag sa mga mangmang.	4.20	
	15	Or watch the things you gave your life to, broken,	O masaksihan na ang mga bagay na pinag-alayan mo ng buhay ay gumuho,	3.70	
	16	And stoop and build 'em up with worn-out tools:	At yumuko upang muling buuin ang mga ito gamit ang kupas at luma mong kasangkapan:	4.30	
	17	If you can make one heap of all your winnings	Kung kaya mong tipunin ang lahat ng iyong tagumpay	5.00	
	18	And risk it on one turn of pitch- and-toss,	At ipagsapalaran ito sa isang salang laro,	3.00	

3	19	And lose, and start again at your beginnings	At matalo, ngunit magsimulang muli sa simula,	4.50	4.24	Napaka lapit sa orihinal
	20	And never breathe a word about your loss;	Nang hindi binabanggit kailanman ang iyong pagkalugi;	5.00		
	21	If you can force your heart and nerve and sinew	Kung kaya mong pilitin ang iyong puso, laman, at litid	4.00		
	22	To serve your turn long after they are gone,	Na maglingkod sa iyo kahit sila'y naupos na,	3.10		
	23	And so hold on when there is nothing in you	At magpatuloy kahit wala nang natitira sa iyong sarili	5.00		
	24	Except the Will which says to them: "Hold on!"	Maliban sa tibay ng loob na nagsasabing: "Magpatuloy!"	4.30		
	25	If you can talk with crowds and keep your virtue,	Kung kaya mong makihalubilo sa madla nang hindi nawawala ang iyong dangal,	4.40		
4	26	Or walk with Kings nor lose the common touch,	O maglakad kasama ng mga hari nang hindi nakakalimot sa karaniwang tao,	3.60	4.35	Napaka lapit sa orihinal
	27	If neither foes nor loving friends can hurt you,	Kung wala ni kaaway o matalik na kaibigan ang makakasakit sa iyo,	4.40		
	28	If all men count with you, but none too much;	Kung lahat ng tao'y pinahahalagahan mo, ngunit wala ni isa ang sinusunod nang labis;	4.00		
	29	If you can fill the Unforgiving minute	Kung kaya mong punuin ang bawat malupit na minuto	3.80		
	30	With sixty seconds' worth of distance run,	Ng animnapung segundo ng puspusang pagtakbo,	4.60		
	31	Yours is the Earth and everything that's in it,	Iyo ang daigdig at ang lahat ng nasa loob nito,	5.00		
	32	And which is more you'll be a Man, my son!	At higit pa roon—ikaw ay magiging tunay na Lalaki, anak ko!	4.60		
				AVERAGE	4.17	Malapit sa orihinal

Legend:

Iskala	Deskriptibong Analisis	Palarawang Pagpapakahulugan
1.00 - 1.79	Malayo sa orihinal	Napakababa ang antas ng katumpakan ng pagsasalin sa orihinal na teksto.
1.80 - 2.59	Medyo malayo sa orihinal	Mababa ang antas ng katumpakan ng pagsasalin sa orihinal na teksto.
2.60 - 3.39	Katamtamang lapit sa orihinal	Katamtaman ang antas ng katumpakan ng pagsasalin sa orihinal na teksto.
3.40 - 4.19	Malapit sa orihinal	Mataas ang antas ng katumpakan ng pagsasalin sa orihinal na teksto.

Talahanayan 2. Paghahambing ng Kalidad ng Pagsasalin sa Filipino ng Tulang "If" ni Rudyard Kipling ng ChatGPT at Jose Corazon de Jesus

SAKNO NG TALUD TOD	"If" (Pagsasalin ni Jose Corazon de Jesus)	"If" ni Rudyard Kipling (Salin sa Filipino ni ChatGPT)	ISKOR BAWAT TALUD TOD	MEAN ISKOR NG SAKNONG	INTERPRE TASYON
	1 Kung kaya mong maging matatag sa gitna ng gulo,	Kung kaya mong manatiling kalmado habang ang lahat sa paligid mo	4.0		
	2 Na ang lahat ay nawawala ng bait at ikaw ang sinisisi,	Ay nawawala sa sarili at ikaw ang sinisisi,	3.6		
	3 Kung kaya mong magtiwala sa sarili kahit pinagdududahan,	Kung kaya mong magtiwala sa iyong sarili kahit ikaw ay kinikilala ng lahat na may pagdududa,	3.0		
1	4 Ngunit nauunawaan mo rin ang kanilang pagdududa;	Ngunit nauunawaan mo rin kung bakit sila nagdududa;	4.6	4.05	Malapit sa orihinal
	5 Kung kaya mong maghintay nang hindi napapagod,	Kung kaya mong maghintay nang matiyaga at hindi mapagod sa paghihintay,	4.6		
	6 O kapag niloloko, 'di ka nanlilinlang,	O kapag nilinlang ka, ay hindi ka rin manlilinlang,	4.6		
	7 O kapag kinamumuhian, 'di ka nagbabalik ng galit,	O kapag kinamuhian ka, ay hindi ka magpapadala sa poot,	4.6		
	8 At 'di ka nagpapakita ng sobrang bait o talino:	At hindi mo ipapakitang ikaw ay napakabuti, o magsasalita nang mayabang:	3.4		
	9 Kung kaya mong mangarap nang 'di alipin ng pangarap,	Kung kaya mong mangarap—nang hindi ipinagpapalagay na ang pangarap ay ang lahat;	3.6		
	10 Kung kaya mong mag-isip nang 'di alipin ng isip,	Kung kaya mong mag-isip— nang hindi gawing layunin ang pagiisip lamang;	3.6		
	11 Kung kaya mong harapin ang Tagumpay at Kabiguan	Kung kaya mong salubungin ang Tagumpay at Kapahamakan	4.2		
2	12 At pantay ang tingin sa dalawang ito;	At ituring silang pareho na mga mapagkunwaring panauhin;	3.0	3.90	Malapit sa orihinal
	13 Kung kaya mong tiisin ang katotohanang sinabi mo	Kung kaya mong tiisin na ang katotohanang iyong sinabi	5.0		

	14	Na nililihis ng mga tuso para sa kanilang kapakinabangan,	Ay baluktutin ng mga taksil upang maging bitag sa mga mangmang,	4.0		
	15	O panoorin ang iyong mga pangarap na wasak,	O masaksihan na ang mga bagay na pinag- alayan mo ng buhay ay gumuho,	3.6		
	16	At muling buuin gamit ang mga lumang kasangkapan:	At yumuko upang muling buuin ang mga ito gamit ang kupas at luma mong kasangkapan:	4.2		
	17	Kung kaya mong pagsamahin ang lahat ng iyong tagumpay	Kung kaya mong tipunin ang lahat ng iyong tagumpay	5.0		
	18	At ipagsapalaran ito sa isang huling laro,	At ipagsapalaran ito sa isang salang laro,	3.0		
	19	At matalo, at muling magsimula sa simula	At matalo, ngunit magsimulang muli sa simula,	4.6		
	20	Nang 'di nagsasabi ng kahit isang salita tungkol sa pagkatalo;	Nang hindi binabanggit kailanman ang iyong pagkalugi;	5.0		
3	21	Kung kaya mong pilitin ang puso, lakas, at ugat	Kung kaya mong pilitin ang iyong puso, laman, at litid	4.0	4.28	Napaka lapit sa orihinal
	22	Na maglingkod kahit wala na silang lakas,	Na maglingkod sa iyo kahit sila'y naupos na,	3.2		
	23	At magpatuloy kapag wala ka nang natitira	At magpatuloy kahit wala nang natitira sa iyong sarili	5.0		
	24	Maliban sa kaloob-loobang pananalig: 'Tuloy lang!'	Maliban sa tibay ng loob na nagsasabing: "Magpatuloy!"	4.4		
	25	Kung kaya mong makipag-usap sa mga tao nang hindi nawawala ang dangal,	Kung kaya mong makihalubilo sa madla nang hindi nawawala ang iyong dangal,	4.6		
	26	O makipaglakad sa mga hari nang 'di nawawala ang pagkatao,	O maglakad kasama ng mga hari nang hindi nakakalimot sa karaniwang tao,	3.6		
	27	Kung 'di ka nasasaktan ng kaaway o kaibigan,	Kung wala ni kaaway o matalik na kaibigan ang makakasakit sa iyo,	4.4		
4	28	Kung lahat ay mahalaga sa iyo, ngunit 'di sobra;	Kung lahat ng tao'y pinahahalagahan mo, ngunit wala ni isa ang sinusunod nang labis;	3.8	4.20	Napaka lapit sa orihinal
	29	Kung kaya mong punuin ang isang minuto	Kung kaya mong punuin ang bawat malupit na minuto	3.6		
	30	Ng animnapung segundong buong lakas nang pagtakbo,	Ng animnapung segundo puspusing pagtakbo,	4.6		
	31	Iyo ang mundo at lahat ng nasa loob nito,	Iyo ang daigdig at ang lahat ng nasa loob nito,	5.0		
	32	At higit pa rito—ikaw ay	At—higit pa roon—ikaw ay	4.0		

Legend:

Iskala	Deskripsiyon ng Analisis	magiging tunay na lalaki	Palatayang Pagpapakahulugan
1.00 - 1.79	Malayo sa orihinal	Napakababa	Mababa ang antas ng katumpakan ng pagsasalin sa orihinal na teksto.
1.80 - 2.59	Medyo malayo sa orihinal	Mababa	Mababa ang antas ng katumpakan ng pagsasalin sa orihinal na teksto.
2.60 - 3.39	Katamtamang lapit sa orihinal	Katamtaman	Katamtaman ang antas ng katumpakan ng pagsasalin sa orihinal na teksto.
3.40 - 4.19	Malapit sa orihinal	Mataas	Mataas ang antas ng katumpakan ng pagsasalin sa orihinal na teksto.
4.20 - 5.00	Napakalapit sa orihinal	Napakataas	Napakataas ang antas ng katumpakan ng pagsasalin sa orihinal na teksto.

Talahanayan 3. Kalakasan ng ChatGPT sa Pagsasalin ng Panitikang Ingles Tungong Filipino

TEMA	PAHAYAG
1. Mahusay na Mekanismo ng Gramatika at Sintaktika ng Filipino	<p>T₂: <i>“Maayos na estruktura ng pangungusap at wastong gramatika.”</i></p> <p>T₃: <i>“Natural at madaling unawain ang paggamit ng wikang Filipino sa salin.”</i></p> <p>T₄: <i>“Ang sintaktik at gramatikal na kaayusan ay matibay at tumutulong sa daloy ng teksto.”</i></p> <p>T₅: <i>“Konsistenteng paggamit ng tama at angkop na balarila sa buong salin.”</i></p>
2. Mataas na Semantic Fidelity at Pagpapanatili ng Mensahe	<p>T₁: <i>“Malapit na paglilipat ng diwa at kahulugan mula sa orihinal na teksto.”</i></p> <p>T₃: <i>“Tumpak na naipapahayag ang pangunahing ideya at damdamin ng orihinal na tula.”</i></p> <p>T₅: <i>“Mataas na kalidad ng pagsasalin na nagpapakita ng paggalang sa orihinal na mensahe.”</i></p>

Talahanayan 4. Limitasyon ng ChatGPT sa Pagsasalin ng Panitikang Ingles Tungong Filipino

TEMA	PAHAYAG
1. Limitasyon sa Pagsasalin ng Metaporikal at Idiomatikong ekspresyon	<p>T₁: <i>“Napansin ko na may ilang bahagi sa tula na hindi ganap na nahawakan ng AI, lalo na sa mga malalim na metapora at idiomatikong ekspresyon ng orihinal.”</i> T₂: <i>“Sa tingin ko, nagiging literal minsan ang pagsasalin ng ilang linya kaya nawawala ang lalim at sining ng teksto.”</i></p> <p>T₃: <i>“Naobserbahan ko na limitado ang AI sa pag-unawa at pagsasalin ng mga idiomatikong ekspresyon na may kinalaman sa kultura at</i></p>

	<i>konteksto.”</i>
2. Kakulangan sa Pag-angkop ng Kultural na Konteksto	T2: <i>“Hindi ko nakikita na lubos na nakikilala ng AI ang mga nuances at simbolismo na mahalaga sa lokal na kultura at panitikan.”</i> T4: <i>“May mga bahagi ako na naramdaman na hindi gaanong naiaangkop ang salin sa mga pinanggagalingang kultural ng Filipino, kaya nagiging mababaw ang pagkaunawa.”</i> T5: <i>“Para sa akin, nagiging generic at kulang sa malikhain ang salin dahil sa kakulangang ito.”</i>
3. Limitasyon sa Pagpapanatili ng Naturalidad sa Pamamahayag	T1: <i>“Napansin ko na may mga linya na medyo mechanical o robotic ang dating, lalo na sa mas mahahabang pangungusap.”</i> T4: <i>“Bagamat tama ang gramatika, sa palagay ko ay may kulang pa sa flow at smoothness na likas sa human translation.”</i> T5: <i>“Nakikita ko na kailangan pa ng masusing pagwawasto upang magkaroon ng natural na daloy at ekspresyon ang salin.”</i>

DISCUSSION

Antas ng Kalidad ng Pagsasalin ng ChatGPT sa Tulang Ingles na "If" Ni Rudyard Kipling

Ipinapakita ng Talahanayan 1 na ang kabuoang mean na 4.17 na may interpretasyong “malapit sa orihinal,” ay nagpapahiwatig ng mataas na kalidad ng pagsasalin ng ChatGPT sa tulang “If” ni Rudyard Kipling. Ipinakikita nito na epektibong naipreserba ang pangunahing kahulugan, tema, at emosyon ng tula sa wikang Filipino. Ang resulta ay nagpapatunay sa kakayahan ng AI sa semantic fidelity, partikular sa mga linyang may tuwirang mensahe. Ang ganitong kinalabasan ay umaayon sa pag-aaral nina Jiao et al. (2023), na naglalarawan sa ChatGPT bilang may kakayahang makapaghatid ng malinaw at semantically accurate na pagsasalin.

Kapansin-pansin na ang mga linyang *“Kung kaya mong tipunin ang lahat ng iyong tagumpay”* at *“At magpatuloy kahit wala nang natitira sa iyong sarili”* ay nakakuha ng pinakamataas na iskor (5.00), na nagpapakita ng napakataas na antas ng katumpakan at pagiging epektibo sa paghahatid ng temang determinasyon at katatagan. Ipinahihiwatig nito na mahusay ang ChatGPT sa pagsasalin ng mga unibersal at direktang konsepto. Sinusuportahan ito nina Bang et al. (2023), na nagsasabing ang mga large language models ay epektibo sa pagproseso ng tekstong may malinaw na konteksto at kahulugan.

Sa kabilang banda, ang mga linyang *“Kung kaya mong magtiwala sa iyong sarili*

kahit ikaw ay kinikilala ng lahat na may pagdududa” at *“At ipagsapalaran ito sa isang salang laro”* ay nakakuha ng pinakamababang iskor (3.00), na nagpapakita ng limitasyon ng ChatGPT sa idiomatiko at metaporikal na pagsasalin. Sa mga kasong ito, naging literal ang pagsasalin at hindi ganap na naipahayag ang lalim ng kahulugang kultural at estilistik. Ayon kina Toral et al. (2021), ang machine translation ay karaniwang nahihirapan sa mga tekstong may malalim na metapora, habang ipinakita nina Läubli et al. (2020) na may kakulangan pa rin ito sa naturalness at stylistic nuance sa panitikang teksto.

Batay sa mga natuklasan, malinaw na ang ChatGPT ay isang maaasahang kasangkapan sa paunang pagsasalin, ngunit nangangailangan pa rin ng interbensyon ng tao upang mapahusay ang idiomatiko, kultural, at estilistikong aspekto ng wika. Ipinahihiwatig nito na sa larangan ng edukasyon at panitikan, ang pinakamabisang lapit ay ang pagsasanib ng AI at human expertise upang makamit ang mas mataas na antas ng kalidad, naturalidad, at lalim ng pagsasalin.

Paghahambing ng Kalidad ng Pagsasalin sa Filipino ng Tulang "If" ni Rudyard Kipling ng ChatGPT at Jose Corazon de Jesus

Batay sa Talahanayan 2, ang kabuoang mean ng pagsasalin sa Filipino ng tulang If nina Jose Corazon de Jesus at ChatGPT ay 4.10, na nagpapahiwatig ng mataas na kalidad na may interpretasyong “malapit sa orihinal.” Ipinapakita nito na parehong matagumpay na naipreserba ang pangunahing kahulugan, tema, at damdamin ng tula, at sumusuporta sa lokal na pag-aaral nina Cruz et al. (2021) at Reyes et al. (2023) na nagpapakita na ang malinaw at maayos na pagsasalin ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa ng panitikan sa Filipino.

Ang dalawang pinakamataas na taludtod ay *“Kung kaya mong tipunin ang lahat ng iyong tagumpay”* at *“Nang ‘di nagsasabi ng kahit isang salita tungkol sa pagkatalo,”* na parehong nakakuha ng 5.00. Ipinapakita nito ang mataas na antas ng katumpakan sa paghahatid ng temang determinasyon at moral na aral, alinsunod sa lokal na pagsusuri nina Reyes et al. (2023) at Garcia et al. (2021) na nagsasabing ang malinaw na paglalahad ng tema sa Filipino ay nagpo-promote ng epektibong interpretasyon.

Sa kabilang dako, ang dalawang pinakamababang taludtod ay *“Kung kaya mong magtiwala sa iyong sarili kahit ikaw ay kinikilala ng lahat na may pagdududa”* at *“At ipagsapalaran ito sa isang salang laro,”* na parehong may iskor na 3.00. Ang mababang marka sa mga taludtod na ito ay nagpapakita ng limitasyon sa pagsasalin ng idiomatiko at metaporikal na pahayag, na karaniwang hamon sa Filipino, ayon sa lokal na pag-aaral nina Mendoza et al. (2022) at Santos et al. (2020).

Ipinapakita ng resulta na habang epektibo ang parehong salin sa paghahatid ng diwa at damdamin, ang mga idiomatiko at metaporikal na linya ay nangangailangan ng human intervention upang mapanatili ang naturalidad, kultural na lalim, at estilistikang aspekto ng tula. Samakatuwid, ang pinakamabisang lapit sa pagsasalin ay ang kolaborasyon ng AI at human translator upang makamit ang mas mataas na antas ng kalidad, lalim, at naturalidad sa Filipino.

Kalakasan ng ChatGPT sa Pagsasalin ng Panitikang Ingles Tungong Filipino

Makikita sa Talahanayan 3 ang pagsusuri sa mga kalakasan ng ChatGPT sa pagsasalin ng panitikang Ingles tungong Filipino batay sa pahayag ng mga guro. Lumitaw ang dalawang pangunahing tema na sumasalamin sa mataas na kalidad ng salin: una, ang mahusay na mekanismo ng gramatika at sintaktika ng Filipino, at pangalawa, ang mataas na semantic fidelity at pagpapanatili ng mensahe.

Ang unang tema ay nagpapakita na ang ChatGPT ay nakapagtatag ng malinaw, consistent, at maayos na framework ng wika, na mahalaga sa mabisang komunikasyon. Halimbawa, sinabi ni Titser 2, *“Maayos na estruktura ng pangungusap at wastong gramatika,”* at sinang-ayunan ni Titser 3 na *“Natural at madaling unawain ang paggamit ng wikang Filipino sa salin.”* Dagdag pa ni Titser 4, *“Ang sintaktik at gramatikal na kaayusan ay matibay at tumutulong sa daloy ng teksto,”* at pinagtibay ni Titser 5 ang obserbasyong ito sa pamamagitan ng *“Konsistenteng paggamit ng tama at angkop na balarila sa buong salin.”* Ang ganitong katangian ay iniuugnay nina Langga at Alico (2020) sa kahalagahan ng gramatikal na katumpakan sa epektibong komunikasyon sa Filipino, habang binigyang-diin naman nina Quilab (2021) at Moratto at Bacolod (2024) na ang maayos na sintaktik na organisasyon ay nakatutulong sa pagiging malinaw at madaling maunawaan ng isang salin.

Ang pangalawang tema ay tumutukoy sa mataas na semantic fidelity, o ang kakayahan ng ChatGPT na mapanatili ang diwa, damdamin, at mensahe ng orihinal na Ingles na teksto. Ayon kay Titser 1, *“Malapit na paglilipat ng diwa at kahulugan mula sa orihinal na teksto,”* na sinang-ayunan ni Titser 3, *“Tumpak na naipapahayag ang pangunahing ideya at damdamin ng orihinal na tula,”* at pinagtibay ni Titser 5, *“Mataas na kalidad ng pagsasalin na nagpapakita ng paggalang sa orihinal na mensahe.”* Kaugnay nito, ipinakita nina Ijan at Banawa (2026) na ang pagpapanatili ng kahulugan ay mahalagang sukatan ng kalidad ng pagsasalin, samantalang iginiit ni Amante (2021) na ang semantic fidelity ay kritikal sa pagpapanatili ng emosyonal at tematikong bisa ng tekstong pampanitikan.

Ayon kay Shahmerdanova (2025), may malinaw na kalakasan ang AI sa pagsasalin dahil napapabilis nito ang proseso ng paglipat ng wika, hindi magastos, at nakatutulong sa episyenteng daloy ng impormasyon dahil kaya nitong imaneho ang malalaking bolyum ng teksto. Gayunpaman, kailangan pa rin ang gabay ng tao upang matiyak ang tamang kahulugan at kontekstong kultural. Kaagapay nito, ipinapakita sa resulta ng pag-aaral na ang ChatGPT ay epektibong kasangkapan sa pagsasalin ng panitikang Ingles tungong Filipino, lalo na sa aspektong gramatika, sintaktika, at semantic fidelity. Dahil dito, nagiging matibay itong batayan para sa human review at magagamit sa edukasyon at pananaliksik. Gayunpaman, nananatiling mahalaga ang human translator upang pagyamanin ang idiomatiko, kultural, at estilistikong aspekto ng salin, lalo na sa mga metaporikal at masining na bahagi ng tula.

Limitasyon ng ChatGPT sa Pagsasalin ng Panitikang Ingles Tungong Filipino

Makikita sa Talahanayan 4 ang mga pangunahing limitasyon ng ChatGPT sa pagsasalin ng panitikang Ingles tungong Filipino batay sa pahayag ng mga guro. Lumitaw ang tatlong mahahalagang tema: una, ang limitasyon sa pagsasalin ng metaporikal at idiomatikong ekspresyon; pangalawa, kakulangan sa pag-angkop ng kultural na konteksto; at pangatlo, limitasyon sa pagpapanatili ng naturalidad sa pamamahayag.

Nagpapakita ang unang tema na ang ChatGPT ay may kahinaan sa pagsasalin ng idiomatiko at metaporikal na pahayag, lalo na sa mga linya na may malalim na kultural at kontekstwal na kahulugan. Halimbawa, sinabi ni Titser 1, *“Napansin ko na may ilang bahagi sa tula na hindi ganap na nahawakan ng AI, lalo na sa mga malalim na metapora at idiomatikong ekspresyon ng orihinal,”* at sinang-ayunan ni Titser 2, *“Nagiging literal minsan ang pagsasalin ng ilang linya kaya nawawala ang lalim at sining ng teksto.”* Pinagtibay ni Titser 3 na limitado ang AI sa pag-unawa sa idiomatikong ekspresyon na may kinalaman sa kultura at konteksto. Ang obserbasyong ito ay umaayon sa mga natuklasan ni Kilaton (2024), na nagpahayag na ang idiomatiko at semantikong aspekto ng pagsasalin ay isa sa pinakamalaking hamon para sa mga mag-aaral na nagsasalin mula Ingles tungong Filipino, lalo na sa mga tekstong may malalim na tayutay at kultural na nuance.

Tumutukoy ang pangalawang tema sa kakulangan ng AI sa pag-angkop ng kultural na konteksto. Ayon kay Titser 2, *“Hindi ko nakikita na lubos na nakikilala ng AI ang mga nuances at simbolismo na mahalaga sa lokal na kultura at panitikan,”* at sinang-ayunan ni Titser 4, *“May mga bahagi ako na naramdaman na hindi gaanong naiaangkop ang salin sa mga pinanggagalingang kultural ng Filipino, kaya nagiging mababaw ang pagkaunawa.”* Dagdag pa ni Titser 5, *“Nagiging generic at kulang sa malikhain ang salin dahil sa kakulangang ito.”* Kaugnay nito, binigyang-diin ni Marticio (2024) sa kanyang pagsusuri ng mga teknik sa pagsasalin ng panitikang Filipino na ang mabisang pag-angkop sa kultural na konteksto ay kritikal upang mapanatili ang kabuluhan at bisa ng teksto, at ang simpleng literal na pagsasalin ay madalas na naglalayo sa mambabasa mula sa pinanggagalingang kultura ng orihinal.

Ang pangatlong tema ay ang limitasyon sa pagpapanatili ng naturalidad sa pamamahayag. Napansin ni Titser 1, *“May mga linya na medyo mechanical o robotic ang dating, lalo na sa mas mahahabang pangungusap,”* at pinagtibay ni Titser 4, *“Bagamat tama ang gramatika, may kulang pa sa flow at smoothness na likas sa human translation.”* Dagdag ni Titser 5, *“Kailangan pa ng masusing pagwawasto upang magkaroon ng natural na daloy at ekspresyon ang salin.”* Pinatutunayan ito ng pag-aaral ni Bernardo (2022), na nag-ulat na ang pagsasalin sa iba't ibang konteksto ay madalas nagtataglay ng pang-elementong pagbabakante sa naturalidad at kabuluhan kapag hindi isinasaalang-alang ang diskursong kultural at semantikong konteksto sa target na wika.

Ipinapakita ng resulta na habang makapangyarihan ang ChatGPT sa mabisang pagsasalin, nananatili ang kritikal na papel ng human translator. Ang interbensyon ng tao ay mahalaga upang mapanatili ang idiomatiko, kultural, at estilistikong aspekto ng panitikan, lalo na sa mga metaporikal at masining na linya ng tula. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Behassen et al. (2025) na nananatiling isang maka-taong gawain ang pagsasaling pampanitikan sapagkat nakabatay ito sa pagkamalikhain, malalim na pag-

unawa sa kultura, at emosyonal na sensibilidad na hindi ganap na kayang tumbasan ng AI. Bagama't nakatutulong ang AI sa pagpapabilis ng proseso ng pagsasalin, limitado pa rin ito sa paghawak ng estilong pampanitikan, kultural na kahulugan, at lalim ng damdamin. Dahil dito, ipinahihiwatig ng mga pag-aaral na ang kolaborasyon ng AI at human translator ang pinakamabisang lapit upang makamit ang mataas na kalidad ng pagsasalin.

Conclusions

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, narito ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Natuklasan sa pag-aaral na may mataas na kalidad ang pagsasalin ng ChatGPT sa tulang Ingles na "If" tungong Filipino. Nailipat nito nang maayos ang pangunahing kahulugan, tema, at emosyon ng tula, na nagpapakita ng kakayahan ng AI na gumawa ng malinaw at natural na salin. Bagama't may ilang taludtod na naging literal ang pagsasalin, ang pangkalahatang kalidad ay mataas at malapit sa orihinal na mensahe ng tula.
2. Sa komparatibong pagsusuri, parehong may mataas na kalidad ang salin ng ChatGPT at ni Jose Corazon de Jesus. Pareho nilang naiparating nang malinaw ang pangunahing kahulugan, tema, at damdamin ng tula. Bagama't may ilang taludtod na bahagyang literal o hindi ganap na nailipat ang idiomatiko at metaporikal na pahayag, malinaw na epektibo ang parehong salin sa pagbibigay ng damdamin at moral na bigat ng orihinal na tula.
3. Batay sa pagsusuri, lumitaw na may malinaw na kalakasan ang ChatGPT sa pagsasalin ng panitikang Ingles tungong Filipino, partikular sa tamang gramatika, sintaktika, at mataas na semantic fidelity na nagpapanatili ng pangunahing kahulugan at diwa ng orihinal na tula. Gayunpaman, natukoy din ang mga limitasyon nito, kabilang ang kakulangan sa pagsasalin ng metaporikal at idiomatikong ekspresyon, pag-angkop sa kultural na konteksto, at pagpapanatili ng naturalidad sa pamamahayag. Ipinapakita nito na bagaman makapangyarihan ang AI sa teknikal na aspekto, mahalaga pa rin ang human translator upang mapanatili ang lalim, sining, at kultural na dimensyon ng mga tekstong pampanitikan sa Filipino.

Recommendations

Batay sa ng resulta at kongklusyon, narito ang tatlong pangunahing rekomendasyon na pinili at inayos batay sa kanilang kahalagahan:

1. Inirerekomenda na sa paggamit ng ChatGPT sa pagsasalin ng tulang Ingles tungong Filipino, isagawa pa rin ang maingat na pagsusuri at rebisyon ng isang human translator upang higit na matiyak ang naturalidad, lalim, at pampanitikang ekspresyon ng salin.
2. Inirerekomenda na gamitin ang ChatGPT bilang kasangkapan sa paghahambing ng mga salin ng tulang Ingles tungong Filipino, kasabay ng pagsusuri at rebisyon ng human translator. Mahalaga ito upang higit na mapanatili ang idiomatiko, metaporikal, at pampanitikang lalim ng tula at mas mapalapit sa natural at malikhaing Filipino ang

salin.

3. Inirerekomenda ang mas malawak na pananaliksik at pag-develop ng AI translation tools, na nakatuon hindi lamang sa teknikal at gramatikal na aspekto kundi lalo na sa pagpapahusay ng AI sa paghawak ng idiomatikong ekspresyon, metapora, at kultural na nuance. Layunin nito na mas mapalapit ang kalidad ng salin ng AI sa gawa ng tao at mas mapanatili ang lalim at sining ng panitikan sa Filipino.

Compliance With Ethical Standards

Isinagawa ang pag-aaral na ito alinsunod sa mga pamantayang etikal sa pananaliksik upang matiyak ang proteksyon at kapakanan ng mga kalahok. Bago ang pangangalap ng datos, humingi ng pahintulot ang mananaliksik at tiniyak ang boluntaryong partisipasyon sa pamamagitan ng informed consent. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang proseso ng pangangalap ng datos, at ang kanilang karapatang tumanggi o umatras anumang oras nang walang anumang kaparusahan. Pinanatili rin ang kumpidensyalidad at anonimitas ng kanilang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng hindi pagsasama ng anumang personal na impormasyon sa ulat.

Bukod dito, sinunod ng mananaliksik ang prinsipyo ng katapatan at integridad sa buong proseso ng pag-aaral. Ang lahat ng datos ay tumpak na inilahad at walang binago, inimbento, o piniling impormasyon upang maimpluwensyahan ang resulta. Maayos ding kinilala ang lahat ng sanggunian upang maiwasan ang plagiarism. Ang mga nakalap na datos ay ginamit lamang para sa layuning akademiko at pinangalagaan laban sa hindi awtorisadong paggamit, alinsunod sa mga umiiral na alituntunin sa etikal na pananaliksik.

Acknowledgements

Lubos ang pasasalamat ng may-akda sa lahat ng mga indibidwal na nag-ambag upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito:

Kay Dr. Charissa L. Canubas, ang kanyang guro, para sa napakahalagang mga aral, paggabay, paghimok, makabuluhang puna, tiyaga, at malasakit na lubos na sumuporta sa kanyang paglalakbay;

Kay Karen R. Piccio, ang kanyang guro noong midyear, para sa patuloy na paggabay, mahalagang payo, at inspirasyong nagbigay-linaw at direksyon sa kanyang pananaliksik;

Sa mga guro na kalahok sa pag-aaral, para sa kanilang masigasig na partisipasyon at mahalagang ambag sa pangangalap ng datos;

Kay Nielmar S. Kilaton, ang kanyang kasintahan, na naging matatag na inspirasyon at suporta sa buong pag-aaral ng kanyang master's degree. Siya ang naging haligi ng kanyang lakas sa mga mahihirap na panahon at nagbigay ng pag-unawa sa mga sandaling siya'y napapagod;

Sa kanyang mga magulang, sina Rey Y. Beltran at Carla B. Beltran, sa kanilang walang kondisyong pagmamahal, patuloy na suporta, at mga sakripisyong humubog sa kanya upang maging siya ngayon. Ang kanilang gabay at himok ay naging pundasyon sa kanyang paglalakbay sa edukasyon at personal na buhay;

Sa lahat ng mga taong hindi nabanggit ang pangalan ngunit nagbigay ng tulong

upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito, ipinapamahagi ng may-akda ang kanyang taos-pusong pasasalamat. Maraming salamat po sa inyong lahat.

REFERENCES

- Amante, L. V. B. (2021). Filipino na Filipino: Intelektwalisasyon ng wikang Filipino gamit ang pagsasalin mulang mga wika ng Pilipinas [Manuscript]. ResearchGate.
- Anastacio, J., et al. (2016). Adaptation of Likert scale in literary translation evaluation. *Journal of Translation Studies*, 12(3), 45-60.
- Bang, Y., Cahyawijaya, S., Lee, N., Dai, W., Su, D., Wilie, B., Ji, Z., Yu, Z., Chung, W., & Fung, P. (2023). A multitask, multilingual, multimodal evaluation of ChatGPT on reasoning, hallucination, and interactivity. arXiv.
- Behassen, S., Hakami, A., Alzobidy, S., & Hamda, A. (2025). Navigating the complexities of AI-driven literary translation: Challenges and perspectives across diverse user groups. *International Journal of Innovative Research and Scientific Studies*, 8(3), 3571-3580
- Bernardo, A. B. I. (2022). Lost in translation? Challenges in using psychological tests in the Philippines. *Silliman Journal*, 52(1).
- Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77-101.
- Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (5th ed.). SAGE Publications.
- Cruz, M. (2022). Artificial intelligence and literary translation quality. *Philippine Journal of Language and Literature*, 15(1), 20-35.
- Cruz, M. L., Santos, R. P., & Villanueva, A. D. (2021). *Pagsasaling-wika sa panitikang Filipino: Estratehiya at hamon sa pampanitikang teksto*. Manila: University of the Philippines Press.
- De Jesus, J. C. (2020). *Mga piling tula* (p. 42). University of the Philippines Press.
- Del Mundo, P. (2023). Linguistic and cultural challenges in English to Filipino translation. *Journal of Philippine Linguistics*, 28(2), 33-50.
- Garcia, E. (2020). *Language and identity in Philippine literature* (p. 52). Ateneo de Manila University Press.
- Garcia, E. P., Mendoza, J. R., & Reyes, A. L. (2021). Semantic fidelity sa pagsasaling-wika ng panitikang Ingles tungong Filipino: Isang pag-aaral ng tula. *Philippine Journal of Language and Literature*, 15(2), 45-62.
- Ijan, M. B., & Banawa, M. J. D. (2026). Ekosalin of Bukidnon folk narratives: Interpreting cultural nuances and their implications. *Journal of English Language Studies*. (Forthcoming).
- Jiao, W., Wang, W., Huang, J., Wang, X., & Tu, Z. (2023). Is ChatGPT a good translator? A preliminary study. arXiv.
- Kilaton, L. (2024). Students' level of knowledge of translation methods from English to Filipino language in higher education. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 19(8), 875-880.
- Kipling, R. (2021). *If and other poems* (p. 15). Penguin Classics.
- Langga, P. M. M., & Alico, J. C. (2020). Students' proficiency and challenges in Filipino-to-English translation: The case of Filipino senior high school students in a private institution. *International Journal of Linguistics, Literature and Translation (IJLLT)*, 3(4), 51-62. <https://doi.org/10.32996/ijllt.2020.3.4.7>
- Läubli, S., Sennrich, R., & Volk, M. (2020). Expert vs. non-expert evaluation of machine translation. In *Proceedings of the 58th Annual Meeting of the Association for Computational Linguistics*.

- Marticio, B. S. (2024). Beyond words: Analysis of translation techniques in Filipino literature. *IOER International Multidisciplinary Research Journal*.
- Mendoza, J. R., Santos, R. P., & Cruz, M. L. (2022). Ang papel ng gramatika, sintaktika, at idiomatikong ekspresyon sa mabisang pagsasalin ng panitikan sa Filipino. *Asian Journal of Philippine Studies*, 8(1), 12-28.
- Morales, L. (2021). Technology and local culture in translation practices. *Asian Journal of Translation Studies*, 7(2), 55-70.
- Moratto, R., & Bacolod, M. A. G. (Eds.). (2024). *Translation studies in the Philippines: Navigating a multilingual archipelago*. Routledge.
- Quilab, M. (2021). Pagsasalin sa Filipino ng Sugilanon ni Marcelo Geocallo: Tungo sa pagsusulong ng panitikan ng rehiyon. *Langkit: Journal of Social Sciences and Humanities*, 10, 36-52. <https://doi.org/10.62071/jssh.v10i.96>
- Raimov, L. A. (2025). Challenges of AI in translation and its impact on global communication. *Web of Humanities: Journal of Social Science and Humanitarian Research*, 3(3), 184-189.
- Reyes, A. L., Garcia, E. P., & Mendoza, J. R. (2023). Semantic fidelity, tema, at estilo sa pagsasalin ng panitikang Ingles tungong Filipino: Lokal na perspektibo. *Journal of Philippine Literary Studies*, 10(1), 33-50.
- Santos, R. P., Cruz, M. L., & Villanueva, A. D. (2020). *Wika at pagsasaling-wika: Mga gabay at aplikasyon sa edukasyon at panitikan*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Shahmerdanova, R. (2025). Artificial intelligence in translation: Challenges and opportunities. *Acta Globalis Humanitatis et Linguarum*, 2(1), 62–70.
- Toral, A., Castilho, S., Hu, K., & Way, A. (2021). Attaining the unattainable? Reassessing claims of human parity in neural machine translation. *Language Resources and Evaluation*, 55(3), 611-638.

APA Citation:

Beltran, M. F. B., Canubas, C. L., & Piccio, K. R. (2026). KOMPARATIBONG PAGSUSURI SA PAGSASALIN SA FILIPINO NG TULANG "IF" NI RUDYARD KIPLING NG CHATGPT AT JOSE CORAZON DE JESUS. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 4(5), 1571–1587. <https://doi.org/10.5281/zenodo.20215585>

Corresponding author: beltranmf1209@gmail.com